


# Mga paraan upang bayaran ang iyong mga bill

Kapag lumipat kayo sa isang lugar, hindi tatagal at magsisimulang darating ang mga bill.

Maari kang magbayad ng ilang mga kabayaran tulad ng upa, utilities [palikurang bayan], at iba pang mga bayaran bawat buwan. Maaari ring magkakaroon ka ng isang beses na kabayaran, tulad ng isang security deposit kapag nangungupahan ng apartment

Sa maraming kaso, mayroon kang isa o higit pang mga opsiyon na maaari mong piliin upang bayaran ang mga ito. Makatutulong sa iyo ang tala sa ibaba na maunawaan an iba't ibang mga opsiyon ng pagbabayad ng bill at ang kani-kanilang malamang na pakinabang at kahinaan. Makatutulong sa iyo ang kaalaman kung paano gumagana ang mga ito



na maisawan ang ilang mga kabayaran, kabilang ang mga kabayaran sa nahuli o nakalimutang pagbabayad.

## Money order

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Maaaring gamitin ang isang money order sa halip ng isang tseke. Makabibili ka ng isang money order upang magbayad sa isang negosyo o ibang partido.	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Madaling maunawaan.</li><li>▪ Maaaring i-mail.</li><li>▪ Walang impormasyon ng bangko ukol sa inyo ang lalabas sa money order.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Maaaring nakakaabala dahil kailangan mo pang bumili ng isang money order.</li><li>▪ Magastos bumili ng money order at ang pag-mail ng bayad.</li><li>▪ Maaaring mahirap patunayan ang pagbabayad maliban kung may resibo ka sa money order at isang resibo ng pagbabayad.</li><li>▪ Mahirap o imposibleng mabawi ang pera kapag nawala o ninakaw.</li><li>▪ Kailangan mong tandaan na magbayad ng bill tuwing nasa taning na ito (hindi kusa).</li></ul>

## Credit card

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
<p>Pinahihintulatan kayo ng isang credit card na humiram ng pera hanggang sa aprubadong halaga. Magbabayad ka ng tubo kung may balance ka, at maaari kang sisingilin ng ibang kabayaran batay sa tadhana ng kontrata. Maaasahan mong magbayad ng pinakamababang buwanang halaga at maaaring gusto mong magbayad ng higit pa kaysa sa pinakamababa upang tubusin nang mas maaga.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Makagagamit ng credit card upang magbayad ng mga bill sa telepono o online.</li><li>▪ Madaling patunayan ang pagbabayad kapag lilitaw ang isang pagtatalo.</li><li>▪ Nagpoprotekta sa iyo mula sa pagbabayad ng ilan o lahat ng singil kung ang iyong card o impormasyon ay manakaw o mawala at iuulat mo ang pagnanakaw.</li><li>▪ Maaaring automatic na i-set up upang magbayad ng pabalik-balik na bill.</li><li>▪ Makatutulong sa pagbuo ng iyong credit history [karanasan ng pangungutang] kung magbabayad ka sa hustong panahon at huwag lapitan ang iyong credit limit.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Mas mahal kaysa pagbabayad ng binili nang cash o tseke kung hindi mo mababayaran ang balanse ng credit card nang buo bawat buwan. Kung may balance ka, kailangan mong bayaran ang interes sa balanse.</li><li>▪ Lilikha ng ibang bill na kailangan mong bayaran.</li><li>▪ Lilikhan ng utang—nanghihiram ka ng pera upang bayaran ang mga bill at ibang mga bagay.</li></ul>

## Mga tseke

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
<p>Ang mga tseke ay mga form na iyong sinusulatan upang magbayad para sa anumang bagay mula sa isang checking account.</p> <p>Isusulat mo ang halaga at ang pangalan ng tao o kumpanya na gusto mong bayaran ng tseke. Kinukuha ang halaga sa iyong bank checking account kapag idinideposito ito o ikina-cash ng tao o kumpanya na tumanggap ng tseke. Maaari ka ring tumanggap ng katulad na account mula sa isang credit union.</p>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Madali kapag nag-apply ka na at na-set-up ang account sa isang bangko o credit union.</li><li>▪ Maaaring i-mail.</li><li>▪ Madaling patunayan ang pagbabayad kung may pagtatalo.</li><li>▪ Nanatili ang mga pondo sa checking account hanggang sa magsulat ka sa tseke at idiniposito ang tseke.</li><li>▪ Di katulad ng cash, kung mawala o manakaw o may isang tao na ginaya ang iyong pirma, may proteksyon ka sa pera sa iyong account. Ngunit, maaaring mahirap pigilin ang tseke kung mabilis itong idinideposito ng taong nakatanggap.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Kung magbabayad ka ng mga bill sa pamamagitan ng tseke nang walang sapat na pera, maaring sisingilin ka ng kabayaran ng bangko o kumpanya na pinadalhan mo ng tseke.</li><li>▪ Kailangan mong tandaan na magbayad ng bill na gamit ang tseke bawat pagkakataon na dapat nang bayaran ito (hindi kusa).</li><li>▪ Gastos sa pagkokoreo ng bayad.</li></ul>

# Cash

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ang cash ay ang pera na iyong hawak.	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Kadalasang walang kabayaran na kaugnay sa pagbabayad ng cash sa kumpanya kung nagbabayad ng buong halaga. Maaaring magastos ang pagbili o paggamit ng ibang produkto tulad ng money order o prepaid card.</li><li>▪ Kung gagamit ka ng cash, hindi ka nagkakamit ng utang.</li><li>▪ Walang panganib ng sobrang pag-withdraw sa iyong account..</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Hindi magagawang bayaran ng cash ang lahat ng bill.</li><li>▪ Maaaring mahirap o magastos ang pagbibiyahe papunta sa kumpanya upang magbayad nang personal ng bill.</li><li>▪ Maaaring mahirap patunayan ang pagbabayad maliban kung may resibo ka.</li><li>▪ Mahirap o imposibleng mabawi ang cash kung nawala, nanakaw, o nasira.</li><li>▪ Kailangan mong tandaan na bayaran ang bill tuwing nasa taning na ito (hindi kusa).</li></ul>

# Online na pagbabayad ng bill

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ibibigay mo sa iyong bangko ang impormasyon ng merchant o service provider, at gagawin ng iyong bangko ang pagbabayad batay sa halaga at schedule na iyong itinakda.	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Madali at nakapagpapatipid ng oras.</li><li>▪ Nagpapadali sa pagbabayad ng mga bill na madalas at hindi pabago-bago.</li><li>▪ Maaari kang pumili sa pagitan ng pagbabayad nang minsan kada cycle ng billing o mag-set-up ng umuulit (automatic) na pagbabayad gamit ang web services ng iyong bangko o credit union.</li><li>▪ Nagbabawas ng pagkakataon na mahuli-kapag na-set-up mo ito, automatic na ito.</li><li>▪ Mas madaling patunayan ang pagbabayad kung may mangyayaring pagtatalo</li><li>▪ Mas madaling pigilan ang di-sinasadya o maling pagbabayad.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Gugugol ng panahon upang i-set up at matutunan.</li><li>▪ Kung magbabayad ka ng bill online nang walang sapat na pera sa iyong account maaaring singilin kayo ng kabayaran ng bangko o service provider.</li><li>▪ Kung nag-set up ka ng umuulit na bayad at magbabago ang halaga, maaaring makapagbayad ka ng maling halaga. Kung magbabayad ka ng mas mababa kaysa sa buong halaga ng bill, maaaring kakailanganin mong magbayad ng kabayaran.</li></ul>

## Automatic o direct debit

Pagkahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Magbibigay ka sa mangangalakal o service provider [nagkakaloob ng paglingkod] (tulad ng nagkakaloob ng iyong cell phone provider o kumpanya ng utilities) ng impormasyon tungkol sa iyong checking account at kukunin nila ang pera mula sa iyong account tuwing dapat nang bayaran (tulad ng bawat buwan) ang bill.	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Madali, nakapagpapatipid ng oras at libre.</li><li>▪ Maaari kang magbayad ng mas mababang tubo sa mga pautang kung magbabayad ka sa pamamagitan ng automatic debit [kusang pagbayad].</li><li>▪ Nagpapadali sa pagbabayad ng mga bill na madalas at hindi pabago-bago.</li><li>▪ Nagpapababa sa pagkakataon na mahulikapag na-set-up mo na ito, automatic na ito.</li><li>▪ May karapatan ka na tapusin ang mga automatic na pagbabayad.</li><li>▪ Mas madaling patunayan ang pagbabayad kapag magkaroon ng isang pagtatalo.</li><li>▪ Kung magbabago ang bill bawat buwan, maaaring tatanggap ka ng abiso bago isasagawa ang paglilipat upang bayaran ang iyong bill.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>▪ Kung babayaran mo ang iyong mga bill sa pamamagitan ng automatic debit nang walang sapat na pera sa iyong account, maaaring sisingil ka iyo ng kabayaran ng bangko o kumpanya.</li></ul> <p><b>Babala:</b> Kapag automatic na kinukuha ang pera mula sa iyong account, maaaring di-sinasadyang magasta mo ang higit pa sa natitira sa iyo. Kung wala kang sapat na pera sa iyong account upang saklawan ang isang automatic na pagbayayad o iba pang mga singil sa nagawa mo, maaaring kakailanganing magbayad ka ng magastos na kabayaran. Upang ihinto ang automatic na pagkuha, makipag-ugnayan sa kapwa mangangalakal at sa iyong bangko.</p>

### Mga Payo

1. Itala ang iyong mga bill at ang kanilang mga due date, at ilagay ang mga ito sa isang kalendaryo upang madali mong makita kapag nasa taning na ang mga bayarin.
2. Hahayaan ka ng ilang nagpapautang na piliin ang araw sa buwan na magiging nasa taning ang iyong bill.
3. Sa ano mang paraan na pipiliin mo ang pagbabayad ng iyong mga bill, subaybayan ang iyong pera na papasok at labas. Makatutulong ito sa iyo na maiwasan ang mga kabayaran.

### Makipag-ugnayan sa amin



Online

[consumerfinance.gov/askcfpb](https://consumerfinance.gov/askcfpb)



Sa pamamagitan ng telepono

Toll free: (855) 411-CFPB (2372)

TTY/TDD: (855) 729-CFPB (2372)



Sa pamamagitan ng sulat

Consumer Financial Protection Bureau

P.O. Box 4503

Iowa City, Iowa 52244



Magsampa ng reklamo

[consumerfinance.gov/complaint](https://consumerfinance.gov/complaint)